PAGKASASERDOTENG AARON

Gabay na Sanggunian 2009

Karagdagang mga Materyal para sa Manwal 1

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/08
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/08
Pagsasalin ng *Aaronic Priesthood Resource Guide 2009—Manual 1*
Tagalog
06753 893

Gabay na Sanggunian 2009 ng Pagkasaserdoteng Aaron—Manwal 1

Ang sumusunod na mga sanggunian ay napili upang tulungan ang mga lider sa paggawa ng doktrina at mga alituntunin sa Pagkasaserdoteng Aaron Manwal 1 *na nauukol sa mga problemang kinakaharap ng mga kabataang lalaki, akma sa kasalukuyang itinuturo ng mga propeta, at angkop sa buhay ng lahat ng maytaglay ng Aaronic Priesthood. Ang mga sangguniang ito ay nilayong gamitin kasabay ng mga aralin. Mapanalanging piliin ang mga sangguniang hihikayat sa bawat kabataang lalaki na matuto at tutulong na mapatatag ang pananampalataya at mga patotoo.*

Aralin 1: *Ang Pagkasaserdote*

MGA TANONG

- Paano ko ipaliliwanag sa isang kaibigan kung ano ang priesthood?
- Paano mapapatatag ng pagtupad sa aking mga tungkulin bilang maytaglay ng priesthood ang patotoo ko at ang aking pamilya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Isang Makaharing Pagkasaserdote," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 59–61.
- Thomas S. Monson, "Ang Priesthood—Isang Sagradong Kaloob," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 57–60. Isiping palitan ng kuwento ni Pangulong Monson tungkol sa hanbuk ng misyonero ang pakay-aralin sa manwal ng Pagkasaserdoteng Aaron.
- Henry B. Eyring, "Tinutulungan ng Diyos ang Matapat na Maytaglay ng Priesthood," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 55–58. Itinuturo sa artikulong ito kung paano tutulungan ng Panginoon ang mga maytaglay ng priesthood sa pagtupad ng kanilang mga responsibilidad.
- Doktrina at mga Tipan 20:38–60; 84:33–39; 107:20, 99–100.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 4 (priest).
- Isaisip ang mga layunin ng Aaronic Priesthood, na nakatala sa bawat gabay na aklat sa Tungkulin sa Diyos (p. 7).

Aralin 2: *Ang Tawag ng Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron*

MGA TANONG

- Paano maaapektuhan ng aking saloobin tungkol sa tungkuling ibibigay ng bishop o quorum president ang pagtupad ko rito? (tingnan sa D at T 107:99).
- (Para sa mga teacher at priest.) Ano ang maitutulong ko para maunawaan ng mga deacon sa aming ward o branch ang kahalagahan ng Aaronic Priesthood at ang kabuluhan ng kanilang mga tungkulin bilang mga deacon?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Dieter F. Uchtdorf, "Makita ang Wakas mula sa Simula," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 42–45.

  "Magsasalita ako ngayon sa inyo na mga kahanga-hangang kabataang naghahanda para makagawa ng kaibhan sa mundo—kayo na nakapasok sa hanay ng Aaronic Priesthood. . . . Ang taglay ninyong priesthood ay magandang puwersa sa kabutihan. Nabubuhay kayo ngayon sa panahon ng matitinding hamon at oportunidad. Bilang mga espiritung anak ng mga magulang sa langit, malaya kayong gumawa ng mga tamang pagpapasiya. Kailangan nito ang pagsisikap, disiplina sa sarili, at magandang pag-uugali, na siyang maghahatid ng galak at kalayaan sa inyong buhay ngayon at sa hinaharap" (p. 42).
- Doktrina at mga Tipan 20:57; 107:99.

MGA KARANASAN

- Ipabahagi sa mga kabataang lalaki sa isang magulang o lider ng priesthood ang mga tungkulin ng kanilang katungkulan at kung paano nila magagampanan ang mga ito.

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ang mga doktrina kapag pinag-aralan at naranasan nila ang mga ito sa labas ng klase. Matapos ituro ang doktrina sa araw ng Linggo, isiping gawin ang isang kaugnay na mithiin o aktibidad mula sa gabay na aklat na Tungkulin sa Diyos sa aktibidad sa karaniwang araw.

Aralin 3: *Pangangasiwa ng Sakramento*

MGA TANONG

- Ano ang magagawa ng mga miyembro ng korum habang naghahanda, nagbabasbas, o nagpapasa ng sacrament para maanyayahan ang Espiritu? (Isipin ang pananamit at kaanyuan.)
- Paano dapat maapektuhan ng aking mga kilos sa buong linggo ang sagradong pagtitiwalang isagawa ang mga ordenansa ng priesthood?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- L. Tom Perry, "Habang Aming Tinatanggap Itong Sakrament," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 39–42. Isiping palitan ng karanasan ni Elder Perry nang una siyang magpasa ng sacrament ang kuwento sa manwal ng Pagkasaserdoteng Aaron.
- Jeffrey R. Holland, "Magpakabanal Kayo," *Ensign,* Nob. 2000, 38–40; *Liahona,* Ene. 2001, 46–49.

"Kakailanganin ng inyong pananampalataya at ng inyong pagkasaserdote ang lahat ng inyong makakaya at ang pinakamainam ninyong maisasamo sa langit. Kayong mga batang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron ay hindi gagamit ng inyong pagkasaserdote sa parehong pamamaraan ng paggamit ng isang naordenang elder sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, ngunit lahat ng maytaglay ng pagkasaserdote ay dapat maging kasangkapan sa kamay ng Diyos, at upang mangyari iyon, kailangan, tulad ng sinabi ni Josue, [ay] 'magpakabanal kayo.' Dapat kayong maging handa at karapat-dapat na kumilos. Kaya paulit-ulit na sinasabi ng Panginoon sa mga banal na kasulatan, 'Maging malinis kayo na nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon' [Isaias 52:11]" (p. 39).

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 7 (deacon); Aktibidad ng Korum 1 (priest).
- Mag-atas ng mga tungkulin nang mabigyan ng pagkakataon ang bawat kabataang lalaki na magbigay ng sacrament sa isang taong hindi makapagsimba.

Aralin 4: *Pagtitipon ng mga Handog-ayuno*

MGA TANONG

- Ano ang maaari kong gawin para katawanin nang wasto ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas sa pagtitipon ko ng mga handog-ayuno?
- Bakit mahalagang magkaroon ng magandang saloobin tungkol sa pagtitipon ng mga handog-ayuno?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Kung Kayo ay Handa Kayo ay Hindi Matatakot," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 60–62.

"Nag-ambag tayo ng malalaking halaga sa Red Cross at iba pang ahensya. Milyun-milyong dolyar ang naibigay natin mula sa mga handog-ayuno at pondong pangkawanggawa. Nagpapasalamat ako sa bawat isa sa inyo sa ngalan ng mga natulungan ninyo at salamat sa ngalan ng Simbahan" (p. 60).

- Mosias 4:16, 26; Doktrina at mga Tipan 52:40; 59:12.

MGA KARANASAN

- Hilingin sa bishop na ipaliwanag o ipamalas kung paano ginagamit ang mga handog-ayuno para mapagpala ang mga miyembro ng ward o branch. Maaari itong gawin sa karaniwang araw.

TIP SA PAGTUTURO

Mas makabuluhan ang pagsali ng mga miyembro ng klase kapag itinanong sa kanila ang mga epektibong katanungan at binigyan ng panahon upang mag-isip na mabuti bago sila sumagot. Upang mabigyan ng ganitong panahon ang mga miyembro ng klase, maaaring isulat ang mga tanong sa pisara o ipasulat sa papel ang mga sagot ng mga miyembro ng klase (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin *[1999], 84–86).*

Aralin 5: *Pananampalataya kay Jesucristo*

MGA TANONG

- Paano ko malalaman kung may pananampalataya kay Jesucristo ang isang tao?
- Sino sa aking pamilya o mula sa mga banal na kasulatan ang nagpamalas na ng pananampalataya kay Cristo?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Quentin L. Cook, "Mabuhay sa Pananampalataya at Hindi sa Takot," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 70–73. Isiping palitan ng kuwento ni Elder Cook tungkol sa tubig sa bukal ang kuwento sa pambungad ng aralin.
- Mga Hebreo 11:1; Santiago 1:5–6; Alma 32:21–43.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (teacher); mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 2 (priest).
- Atasan ang mga miyembro ng korum na magturo ng isang aralin sa family home evening tungkol sa pananampalataya.
- Gumamit ng kompas o mapa para masundan ang landas patungo sa itinakdang lugar. Pagkatapos ay kausapin ang mga miyembro ng korum tungkol sa pagsampalataya sa instrumento. Bakit mo sinunod ang mga bilin nito? Paano ito naglalarawan ng pananampalataya kay Jesucristo?

Aralin 6: *Ang Espiritu Santo*

MGA TANONG

- Paano ako matutulungan ng Espiritu Santo na maging dalisay at makaiwas sa mga tuksong gaya ng pornograpiya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "Gifts of the Spirit for Hard Times," *Ensign,* Hunyo 2007, 18–24.

"Nadama na ninyo ang tahimik na pagpapatibay sa inyong puso at isipan na totoo ang isang bagay. At nalaman ninyo na inspirasyon iyon mula sa Diyos. . . . Maaaring nagmula iyon sa isang mensahe, aralin, o himno sa simbahan. Ang Espiritu Santo ang Espiritu ng Katotohanan. Nadarama ninyo ang kapayapaan, pag-asa, at galak kapag sinasabi Niya sa inyong puso at isipan na totoo ang isang bagay. Halos palagi kong nadarama ang damdamin ng kaliwanagan. Ang anumang damdamin ko tungkol sa kadiliman ay napawi, at nadaragdagan ang hangarin kong gawin ang tama" (p. 18).

- Keith K. Hilbig, "Huwag Patayin ang Ningas ng Espiritung Nagbibigay-buhay sa Panloob na Pagkatao," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 37–39.
- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004), 10, 101.

MGA KARANASAN

- Basahing mag-isa ang bahagi 6 ng Doktrina at mga Tipan. Ibahagi sa isang magulang o lider ng priesthood ang isang pagkakataon na nadama mong binigyang-inspirasyon ka ng Espiritu Santo o tinulungan kang piliin ang tama.

Aralin 7: *"Isang Malaking Pagbabago ng Puso"*

MGA TANONG

- Paano ako kikilos kapag nakaranas ako ng malaking pagbabago ng puso na inilarawan sa mga banal na kasulatan? (tingnan sa Alma 5:14).

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David A. Bednar, "Kinakailangan Ngang Kayo'y Ipanganak na Muli," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 19–22. Isiping palitan ng talinghaga ni Elder Bednar tungkol sa pickle ang paglalarawan na nasa aralin.
- Joseph B. Wirthlin, "Ang Dakilang Utos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 28–31.

  "Habang tumitindi ang ating pagmamahal sa Panginoon, nagiging dalisay ang ating puso at isipan. Nakakaranas tayo ng 'malaking pagbabago sa . . . ating mga puso, kaya nga tayo ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi patuloy na gumawa ng mabuti' [Mosias 5:2]" (p. 30).
- Isiping gamitin ang kuwento tungkol kay Nakabatatang Alma kapalit ng kuwento sa aralin (tingnan sa Mosias 27; Alma 36).
- Mosias 5:2; Alma 5:12–14, 26; Helaman 15:7.

MGA KARANASAN

- Isiping kantahin ang "Mga Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 200) sa isang sacrament meeting. Hikayatin ang mga kabataang lalaki na talakayin ang mga titik sa awiting ito sa kanilang pamilya at pag-isipan kung paano nakakatulong sa kanila ang pagbabago ng puso para matulungan ang Tagapagligtas sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw.

TIP SA PAGTUTURO

Mas makabuluhan ang pagsali ng mga kabataang lalaki kapag hinihikayat silang gawin ito. Halimbawa, ipaliwanag na gusto mong makakuha ng maraming sagot sa isang tanong hangga't maaari. O kaya ay sabihin mong, "Gusto kong marinig ang hindi pa nagbibigay ng sagot sa tanong na ito" (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *97–98).*

Aralin 8: *"Igalang Mo ang Iyong Ama"*

MGA TANONG

- Kung isasaalang-alang ang lahat ng nagawa ng aking ama para sa akin, ano ang maaari kong gawin para magpakita ng pagmamahal at pagsuporta sa kanya?
- Paano naaapektuhan ng aking mga kilos ang dangal ng aking pamilya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102. Isiping palitan ng ikaanim at ikapitong talata ng pagpapahayag tungkol sa mag-anak ang pahayag ni Pangulong Hugh B. Brown sa aralin.
- Palitan ng pag-aaral at pagtalakay ng 1 Nephi 2–4 ang reperensya sa banal na kasulatan at pakay-aralin sa Mateo 7:17–20. Paano iginalang ni Nephi ang kanyang ama? Ihambing ang mga kilos ni Nephi sa mga kilos nina Laman at Lemuel.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 10–11.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3, mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 12 (deacon); Aktibidad ng Pamilya 4, mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 10–11 (teacher); Aktibidad ng Pamilya 5, mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 12 (priest).

Aralin 9: *Paggalang sa mga Ina at sa Kanilang Banal na Tungkulin*

MGA TANONG

- Kung isasaalang-alang ang lahat ng nagawa ng aking ina para sa akin, paano ko higit na maipapakita sa kanya ang paggalang at pagtanaw ng utang na loob?
- Paano napagpapala ang aking pamilya kapag iginagalang ko at ikinararangal ang aking ina?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Joseph B. Wirthlin, "Mga Aral na Natutuhan Ko sa Buhay," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 45–47. Ang kuwento ni Elder Wirthlin tungkol sa pagsunod sa payo ng kanyang ina sa football field ay naglalarawan ng paggalang niya sa kanyang ina.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 10–11.
- Alma 56:47–48, 56.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 5 (deacon); mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 9 (teacher).
- Alukin ng tulong ang iyong ina sa ilang natatanging paraan para magkaroon siya ng oras na gawin ang ilang bagay na ikasisiya niya.

Aralin 10: *Pagkakaisa ng Mag-anak*

MGA TANONG

- Ano ang mga bagay na maaari kong gawin sa bahay para mas makatulong bilang miyembro ng pamilya?
- Paano ko magagampanang mabuti ang aking Aaronic Priesthood sa tahanan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102. Isiping talakayin kung paano magkakaisa ang pamilya sa pamumuhay ng mga alituntuning nasa ikawalong talata.

- H. Bruce Stucki, "Panalangin, Pananampalataya, at Pamilya: Mga Batong Tuntungan Tungo sa Walang Hanggang Kaligayahan," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 96–98.
- 1 Nephi 1:1; 4 Nephi 1:15.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3, mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 2 (deacon); Aktibidad ng Pamilya 4 (teacher); Mga Aktibidad ng Pamilya 4–5 (priest).

Aralin 11: *"Gaya ng Pag-ibig Ko sa Inyo, Mangag-ibigan Kayo sa Isa't Isa"*

MGA TANONG

- Paano makakatulong ang aking asal sa isang miyembro ng korum na ayaw magsimba o dumalo sa iba pang mga aktibidad? Ano ang maitutulong namin ng aking korum para malutas ang gayong sitwasyon?
- Kung nasaktan ako sa maling pasiya ng ibang tao, ano ang maitutulong ko para malutas ang problema?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Jeffrey R. Holland, "Wika ng mga Anghel," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 16–18. Palitan ng payo at mga paglalarawan mula sa mensahe ni Elder Holland ang unang kuwento sa aralin.
- Joseph B. Wirthlin, "Ang Kahalagahan ng Kabaitan," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2005, 26–28. Isiping gamitin ang artikulong ito para ipandagdag sa talakayan tungkol sa kahalagahan ng kabaitan.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Pag-unlad sa Pagkamamamayan at sa Lipunan 2 (deacon); mithiin sa Pag-unlad sa Pagkamamamayan at sa Lipunan 3 (teacher); mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 3, 7 (priest).

Aralin 12: *Pagsunod sa Buhay na Propeta*

MGA TANONG

- Ano ang pangako ng Panginoon kapag sinusunod natin ang propeta? (tingnan sa D at T 21:5–6).
- Ano ang ilang natatanging halimbawa ng panahon na pinagpala ako o ang aking pamilya dahil sa pagsunod sa propeta?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Jeffrey R. Holland, "Mga Propetang Naritong Muli sa Lupa," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 104–7. Isiping gamitin ang artikulong ito para palawakin ang talakayan tungkol sa kahalagahan ng mga buhay na propeta.
- Isiping sama-samang pag-aralan ang pinakahuling mensahe ng propeta sa mga kabataang lalaki. Anyayahan silang ipamuhay ang mga pamantayang natutuhan nila.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 2 (deacon, teacher, priest).
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 2–3. Ipatukoy sa mga kabataang lalaki kung sino ang nagbigay ng payo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at pansinin ang anim na pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa payong ito. Isiping ipatala sa mga kabataang lalaki sa kanilang journal kung paano sila pinagpala ng pagsunod sa payo ng mga propeta.

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga kabataang lalaki ang doktrina kapag binibigyan sila ng mga pagkakataong turuan ang iba. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpapabahagi sa kanila ng natutuhan nila sa isang taong katabi nila sa upuan (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *213).*

Aralin 13: *Ang Bawat Kasapi ay Isang Misyonero*

MGA TANONG

- Ano ang ginagawa ko ngayon mismo para maghandang makapagmisyon?
- Ano ang ilang magagawa ko para maging misyonero ngayon?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- L. Tom Perry, "Pagtataas ng mga Pamantayan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 46–49.
- Dieter F. Uchtdorf, "Hindi Ba't May Dahilan upang Tayo ay Magsaya?" *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 18–21. Isiping palitan ng kuwento ni Pangulong Uchtdorf tungkol sa kanyang pagbabalik-loob ang kuwento sa aralin tungkol kina Mike at Donna.
- David A. Bednar, "Pagiging Misyonero," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 44–47. Tinatalakay sa artikulong ito kung paano maging misyonero ngayon (tingnan ang unang tanong sa itaas).

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 9–10 (deacon); mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 8–9 (teacher); Aktibidad ng Pamilya 6, Aktibidad ng Korum 5, mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 8–11 (priest).

Aralin 14: *Paglilingkod sa Kapwa*

MGA TANONG

- Sino ang ilang taong makakausap ng ating korum na makakatukoy sa mga pagkakataong maglingkod?
- Paano maaapektuhan ng aking saloobin tungkol sa paglilingkod sa iba ang paraan ng aking paglilingkod at ang mga pinaglilingkuran ko?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- M. Russell Ballard, "The Greater Priesthood: Giving a Lifetime of Service in the Kingdom," *Ensign,* Set. 1992, 71–73.

"Ang mga katungkulan sa priesthood ay hindi sagisag ng katayuan sa buhay kundi mga pagkakataon upang makapaglingkod" (p. 71).

- Steven E. Snow, "Paglilingkod," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 102–4.
- Mateo 25:34–40; Lucas 10:25–37; Mosias 18:8–9.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Pag-unlad sa Pagkamamamayan at sa Lipunan 10 (deacon); Aktibidad ng Korum 7, mithiin sa Pag-unlad sa Pagkamamamayan at sa Lipunan 12 (teacher); mithiin sa Pag-unlad sa Pagkamamamayan at sa Lipunan 12 (priest); Proyektong Paglilingkod (deacon, teacher, priest).

Aralin 15: *Pagkakaisa at Kapatiran sa Pagkasaserdote*

MGA TANONG

- Ano ang dapat mangyari kapag may kapatiran sa aking korum ng priesthood?
- Ano ang iba't ibang paraan na matutulungan ko ang mga miyembro ng korum araw-araw?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "Korum ng Priesthood," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 43–45.

  "Natutuhan ko sa paglipas ng mga taon na wala sa dami ng maytaglay ng priesthood na naroon ang lakas ng korum. Ni hindi ito kusang nanggagaling sa edad at kahustuhan ng isip ng mga miyembro. Sa halip, ang katatagan ng korum ay higit na nagmumula sa kung gaano ganap na nagkakaisa sa kabutihan ang mga miyembro nito. Ang pagkakaisang iyon sa matatag na korum ng priesthood ay hindi pareho ng naranasan ko sa isang koponan o samahan o anumang organisasyon sa mundo" (p. 43).

- Joseph B. Wirthlin, "Band of Brothers," *Ensign,* Peb. 2008, 28–33. Isiping palitan ng mga kuwento at paglalarawan mula sa artikulo ni Elder Wirthlin ang kuwento sa aralin tungkol kina Tom at Bill.
- Juan 17:21; Mosias 18:21; Doktrina at mga Tipan 38:24–25, 27.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 7 (priest).
- Bilang isang korum, suportahan ang isang miyembro ng korum sa isang personal na aktibidad at kausapin siya pagkatapos.

TIP SA PAGTUTURO

Ang pagbibigay ng panahon sa mga kabataang lalaki upang makapag-isip na mabuti sa klase ay nag-aanyaya sa Espiritu. Isiping bigyan sila ng panahon upang pag-isipan ang natutuhan nila at itala ang kanilang mga nadarama (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *84–86).*

Aralin 16: *Pag-ibig sa Kapwa-tao*

MGA TANONG

- Paano matutulungan ng isang pangulo ng korum na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang mga miyembro ng korum?
- Paano nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa ang isang maytaglay ng Aaronic Priesthood?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Ang Pangangailangan sa Malaking Kabutihan," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 58–61. Isiping ipandagdag ang mga kuwento at payo ni Pangulong Hinckley sa mga kuwentong matatagpuan sa manwal ng Pagkasaserdoteng Aaron.
- Joseph B. Wirthlin, "Ang Dakilang Utos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 28–31.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 134–36, 145–46.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 7 (deacon); Aktibidad ng Pamilya 9 (teacher); Aktibidad ng Korum 7 (priest).
- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004). Papiliin at pagkumpletuhin ng isang aktibidad ang mga kabataang lalaki mula sa bahaging Mga Ideya sa Pag-aaral at Pamumuhay ng kabanata 6, "Mga Katangiang Tulad ng Kay Cristo" (p. 131). Ipabahagi sa kanila sa klase ang kanilang natutuhan.

Aralin 17: *Mga Pansariling Talaarawan*

MGA TANONG

- Sa paanong paraan nagpapakita ng pagmamahal sa aking mga inapo ang pag-iingat ng journal?
- Ano ang nanaisin kong malaman ng aking mga inapo tungkol sa akin mula sa aking journal?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "O Tandaan, Tandaan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 66–69.
- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004) kabilang na ang mga mungkahi para sa isang study journal:

  "Kadalasan ay pinagagamit kayo ng isang study journal sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* para tulungan kayong maunawaan, malinawan, at matandaan ang inyong natutuhan. Itinuro ni Elder Richard G. Scott, 'Ang kaalaman na nairekord na mabuti ay magagamit sa oras ng pangangailangan. Ang mga espirituwal na sensitibong impormasyon ay dapat itago sa sagradong lugar na nagpapakita sa Panginoon kung paano mo ito pahalagahan. Kapag ganito ang ginagawa mo ay malamang na makatanggap ka pa ng dagdag na liwanag' ('Acquiring Spiritual Knowledge,' *Ensign,* Nob. 1993, 86). Repasuhin ang iyong study journal para

maalala ang mga espirituwal na karanasan, makakita ng mga bagong ideya, at matukoy ang iyong pag-unlad" (p. x).

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Ang Sarili Kong Journal, pahina 27 (deacon, teacher, priest). Isiping bigyan ng oras ang mga kabataang lalaki na magawa ito sa klase.

Aralin 18: *Ang Salita ng Karunungan*

MGA TANONG

- Anong mga pagpapala ang napasaakin at sa aking pamilya mula sa pagsunod sa Word of Wisdom?
- Paano ko natatanggap ang mga panghihikayat ng Espiritu sa pamumuhay ng Word of Wisdom?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 223–25.
- I Mga Taga Corinto 3:16–17; 6:19–20; Doktrina at mga Tipan 49:18.

MGA KARANASAN

- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004). Anyayahan ang mga kabataang lalaki na pag-aralan kung paano ituro ang Word of Wisdom (p. 87). Sa isang aktibidad sa karaniwang araw isiping isadula ang karanasang ito. Ipasama sa mga kabataang lalaki sa dula-dulaan ang kanilang mga patotoo tungkol sa mga pagpapalang nagmumula sa pamumuhay ng Word of Wisdom.

Aralin 19: *Pagdaig sa Tukso*

MGA TANONG

- Paano ko matutulungan ang mga miyembro ng aking korum ng priesthood na maiwasan at malabanan ang mga tukso?
- Paano ko masusunod ang aking mga pamantayan kapag iba ang mga pinahahalagahan ng mga nasa paligid ko?
- Sa paanong paraan ikinukubli ni Satanas ang mga tukso para dayain at tuksuhin ako na labagin ang isang utos o ibaba ang aking mga pamantayan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David A. Bednar, "Malilinis na Kamay at Dalisay na Puso," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 80–83.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 220–22. Nakalista ang pitong bagay na makakatulong sa pagdaig sa tukso.
- Genesis 39:7–14; 3 Nephi 18:15–18.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 12 (teacher).
- Anyayahan ang mga kabataang lalaki na talakayin sa kanilang mga magulang kung paano matukoy at maiwasan ang mga tukso.

Aralin 20: *Wastong Paggamit ng Kalayaang Pumili*

Walang karagdagang mga mungkahi

Aralin 21: *Mga Dalisay na Kaisipan: Malinis na Pananalita*

MGA TANONG

- Ano ang mga pinagmumulan ng masasamang kaisipan na humahantong sa masamang pananalita o asal?
- Paano ko makokontrol ang nakikita at naririnig ko? Ano ang magagawa ko para kontrolin ang aking mga iniisip?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Malinis Ako," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 60–62.
- Jeffrey R. Holland, "Wika ng mga Anghel," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 16–18.
- Charles W. Dahlquist, "Sino'ng Panig sa Diyos?" *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 94–96.

MGA KARANASAN

- Anyayahan ang mga kabataang lalaki na pag-aralan ang mga paksa tungkol sa pornograpiya at kalapastanganan sa *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 198–99, 44–45. Hikayatin ang mga kabataang lalaki na maghanda ng isang aralin tungkol sa isa sa mga paksang ito at ibahagi ito sa isang pagtuturo.

Aralin 22: *Pinapatnubayan ng mga Tipan ang Ating mga Gawa*

MGA TANONG

- Anong mga tipan ang nagawa ko? Ano ang ipinapangako ko sa Diyos bilang bahagi ng mga tipang ito? Paano ako napagpapala sa pagtupad sa mga tipan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David A. Bednar, "Nang sa Tuwina ay Mapasaatin ang Kanyang Espiritu," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 28–31.

"Nang binyagan ang bawat isa sa atin, pumasok tayo sa sagradong pakikipagtipan sa ating Ama sa Langit. Ang tipan ay kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak sa mundo, at mahalagang maunawaan na ang Diyos ang nagpapasiya ng mga kundisyon ng lahat ng tipan ng ebanghelyo. Ikaw at ako ay hindi nagpapasiya sa mga

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga miyembro ng klase ang doktrina kapag sinasaliksik nila ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta. Ipahanap sa mga kabataang lalaki ang partikular na mga alituntunin o iba pang mga detalye sa mga talata habang nagbabasa sila. Halimbawa, maaari mong sabihin, "Habang binabasa ninyo ang mga talatang ito, hanapin ang . . ." Matapos nilang saliksikin ang mga banal na kasulatan, ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natuklasan nila (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *68).*

katangian o nilalaman ng tipan. Bagkus, sa paggamit ng ating kalayaan, tinatanggap natin ang mga hinihingi niyang gawin sa mga tipan ayon sa pagkakatakda ng ating Ama sa Langit" (pp. 28–29).

- Alma 60:34.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Ang Sarili Kong Journal, pahina 27 (deacon, teacher, priest). Isiping bigyan ng oras sa klase ang mga kabataang lalaki na sumulat tungkol sa magagawa nila para "lagi Siyang alalahanin," at mga pagkakataong napasakanila ang "Kanyang Espiritu."

Aralin 23: *Manalangin para sa Patnubay*

MGA TANONG

- Ano ang magagawa ko para maanyayahan ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo?
- Paano ko masasabi ang pagkakaiba ng sarili kong mga kaisipan sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Richard G. Scott, "Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 8–11.
- Robert D. Hales, "Personal na Paghahayag: Ang mga Turo at Halimbawa ng mga Propeta," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 86–89.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (teacher).
- Basahin ang tungkol sa panalangin sa *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 168–73. Itala sa iyong journal kung paano ka matutulungan ng mga alituntuning ito na magkaroon ng higit na makabuluhang pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit.

Aralin 24: *Pagsisising Nakatuon Kay Cristo*

MGA TANONG

- Paano ginagawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na makapagsisi ako?
- Ano ang mga pagpapalang dulot ng pagsisisi?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Russell M. Nelson, "Pagsisisi at Pagbabalik-loob," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 102–5.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 153. Isiping bigyang-diin ang bahaging tungkol sa pagtatapat.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (teacher, deacon). Maghanda at ituro ang paksa tungkol sa pagsisisi.

TIP SA PAGTUTURO

Mas malamang na sumali ang mga miyembro ng klase kapag inilalagay sila sa maliliit na grupo. Gumamit ng mga grupo kapag nais ninyong hikayatin ang mga kabataang lalaki na magkumpara ng mga sagot, talakayin ang mga tanong, magkasundo sa isang bagay, o turuan ang isa't isa (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *213).*

Aralin 25: *Kapatawaran*

MGA TANONG

- Bakit mahalagang patawarin ang iba?
- Ano ang mga bunga ng pagpapatawad sa iba?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Pagpapatawad," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 81–84. Isiping palitan ng paglalarawan mula sa mensahe ni Pangulong Hinckley ang mga kuwento mula sa bahaging pagkatuto kung paano magpatawad.
- Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 99–101.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (teacher, deacon). Maghanda at ituro ang paksa tungkol sa pagpapatawad.
- Isiping anyayahan ang mga miyembro ng korum na humingi ng tawad sa isang taong nasaktan nila o patawarin ang isang taong nakasakit sa kanila.

Aralin 26: *Gumawa ng Mabuti sa Araw ng Pangilin*

MGA TANONG

- Ano ang maaari kong gawin para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath na ginawang araw ng paglalaro at paglilibang ng mundo?
- Paano ko malalaman kung angkop sa araw ng Sabbath ang isang aktibidad? (tingnan sa D at T 59:9–13).
- Bakit mahalagang ipaalam sa aking mga kaibigan kung paano ko pinipiling gugulin ang aking Sabbath?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Dallin H. Oaks, "Gospel Teaching," *Ensign,* Nob. 1999, 78–80. Isipin ang sumusunod na babala sa pagtuturo ninyo ng araling ito:

"Ang mga gurong inutusang magturo ng 'mga alituntunin ng ebanghelyo' at ng 'doktrina ng kaharian' (D at T 88:77) karaniwan ay dapat talikdan ang pagtuturo ng natatanging mga patakaran o aplikasyon. Halimbawa, hindi sila magtuturo ng anumang mga patakaran sa pagpapasiya kung ano ang buong ikapu, at hindi sila magbibigay ng listahan ng *mga dapat gawin* at *hindi dapat gawin* para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Kapag nagturo ng doktrina at kaakibat na mga alituntunin ang isang guro mula sa mga banal na kasulatan at mga buhay na propeta, karaniwan ay responsibilidad ng mga tao at pamilya ang gayong mga aplikasyon o patakaran" (p. 79).

- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 32–33.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 207–8.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 2 (teacher).
- Maraming beses ay pinasasali ng kanilang mga kaibigan ang mga kabataang lalaki sa mga aktibidad na di angkop sa araw ng Sabbath. Isiping magdula-dulaan kung paano tutugon sa gayong mga sitwasyon. Hikayatin ang mga kabataang lalaki na ibahagi kung bakit sagrado ang araw na ito sa kanila.

Aralin 27: *Pagpipitagan*

MGA TANONG

- Ano ang dapat kong pagpitaganan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Words of the Prophet: The Body Is Sacred," *New Era,* Nob. 2006, 2–5. Isiping palitan ng sumusunod na sipi mula kay Pangulong Hinckley ang teksto sa ilalim ng "Pagpipitagan sa Ating mga Katawan" sa pahina 114 ng manwal ng Pagkasaserdoteng Aaron:

  "Namamangha ako sa himala ng isipan at katawan ng tao. Napaglimi na ba ninyo ang mga hiwaga ng inyong sarili, ang mga mata kaya kayo nakakakita, ang mga tainga kaya kayo nakakarinig, ang boses kaya kayo nakapagsasalita? Wala pang kamerang nagawa na maihahambing sa mata ng tao. Wala pang pamamaraan sa pakikipag-ugnayan na nagawa na maihahambing sa boses at tainga. Wala pang bomba ng tubig na nagawa na gagana nang kasintagal o kasinghusay ng puso ng tao. Wala pang computer o iba pang likha ng agham na makapapantay sa utak ng tao. Kamangha-mangha kayo. . . .

  "Kayo ay anak ng Diyos, ang pinakamaganda Niyang likha. Matapos Niyang hubugin ang daigdig, ihiwalay ang kadiliman sa liwanag, hatiin ang mga tubig, likhain ang mga grupo ng halaman at hayop—pagkatapos ng lahat ng ito ay nilikha Niya ang lalaki at saka ang babae.

  "Igalang ang inyong katawan. Inilarawan ito ng Panginoon bilang mga templo" (p. 2).

- Jay E. Jensen, "Ang Nagpapabanal na Kapangyarihan ng mga Himno," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 11–13. Inilarawan sa artikulong ito kung paano mag-aanyaya ng pagpipitagan ang mga himno.

TIP SA PAGTUTURO

Ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga kabataang lalaki na magpatotoo sa klase ay nag-aanyaya sa Espiritu. Pagkatapos ng klase, ipabuod ang aralin sa isa o dalawang kabataang lalaki at ipabahagi ang nadarama nila sa natutuhan nila.

Aralin 28: *Paggalang sa Kababaihan*

MGA TANONG

- Bakit dapat igalang ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ang mga kababaihan, kabataang babae, at bata?
- Paano ko maipapakita ang paggalang sa kababaihan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Mensahe sa Aking mga Apong Lalaki," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 54–56. Ang mensaheng ito ay naglalaman ng ilang talatang nagpapaliwanag sa sagradong tungkulin ng mga kabataang lalaki na igalang ang kababaihan.
- Dallin H. Oaks, "Pornograpiya," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2005, 87–90.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Ang Sarili Kong Journal, pahina 27 (deacon, teacher, priest). Ipatala sa mga kabataang lalaki sa kanilang journal kung paano nila "maigagalang nang wasto ang mga kababaihan, kabataang babae, at bata" (mga layunin ng Aaronic Priesthood). Isiping ipabahagi sa kanila ang kanilang mga entry sa mga miyembro ng korum.

Aralin 29: *Ang Walang-hanggang Mag-anak*

MGA TANONG

- Lumalakas ako kapag kasama ko ang pamilya ko, pero kapag kasama ko ang mga kaibigan ko mas mahirap ipamuhay ang mga pamantayan ng Panginoon. Paano ako mapalalakas ng kaalaman na ako ay anak ng Diyos para gumawa ng mga tamang pasiya?
- Bilang maytaglay ng Aaronic Priesthood, ano ang maaari kong gawin para mapalakas ang aking pamilya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 41–44.
- Mary N. Cook, "Palakasin ang Tahanan at Mag-anak," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 11–13. Ang artikulong ito ay naglalaman ng mga ideya kung paano palakasin ang pamilya (tingnan ang ikalawang tanong sa itaas).
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 6.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (deacon), Aktibidad ng Pamilya 4 (teacher, priest).
- Basahin ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak nang isa-isa o bilang isang korum. Talakayin kung paano nauugnay ang bawat punto sa pagpapalakas ng pamilya ngayon.

Aralin 30: *Ang Plano ng Kaligtasan*

MGA TANONG

- Bakit tinatawag na plano ng kaligtasan ang plano ng kaligayahan kung minsan?
- Paano maipauunawa sa akin ng kaalaman ng plano ng kaligtasan ang mahihirap na alalahanin sa buhay, tulad ng

kamatayan at karamdaman o mga isyung moral gaya ng kalinisang-puri at aborsiyon?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- L. Tom Perry, "Ang Plano ng Kaligtasan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 69–72.
- Richard G. Scott, "Ipinanumbalik na Katotohanan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 78–81.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (deacon), Aktibidad ng Pamilya 4 (teacher, priest). Maghanda at magturo tungkol sa paksang plano ng kaligtasan sa inyong pamilya o kasama ang mga lokal na misyonero.
- Pagdrowingin ang mga kabataang lalaki ng mga babala sa kalye na naglalarawan kung ano ang nakakatulong para manatili sila sa landas ng ebanghelyo.

Aralin 31: *Magpatuloy sa Pananalangin at Pag-aayuno*

MGA TANONG

- Anong mga espirituwal at pisikal na pagpapala ang matatanggap ko mula sa wastong pag-aayuno?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Douglas L. Callister, "Pagkaalam na Alam Natin," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 100–101. Talakayin ang isa sa mga kuwentong isinalaysay ni Elder Callister kung paano mapapalakas ng pag-aayuno ang patotoo ng isang tao.
- Carl B. Pratt, "Ang mga Pagpapala ng Wastong Pag-aayuno," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2004, 47–49.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 102.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 4 (teacher).
- Hikayatin ang bawat kabataang lalaki na ituon sa isang natatanging layon ang kanyang pag-aayuno sa susunod na Linggo ng ayuno. Sa susunod na miting ng korum, talakayin kung paano ito nakatulong para pahalagahan ng mga kabataang lalaki ang kahulugan ng pag-aayuno sa sarili nilang buhay.

TIP SA PAGTUTURO

Mas makabuluhan ang pagsali ng mga miyembro ng klase kapag nakatapos sila ng indibiduwal na gawain at pagkatapos ay ibinahagi ang kanilang natutuhan. Maaari mong ipasaliksik nang mag-isa sa mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatan o mga sipi, ipatala ang mga sagot o nadama nila, o ipaisip ang mga sagot sa isang tanong (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *67).*

Aralin 32: *Ikapu*

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 115–18. Ang artikulong ito ay naglalaman ng kuwento tungkol sa mga pagpapala ng pagbabayad ng ikapu (pp. 117–18).
- Yoshihiko Kikuchi, "Nanakawan Baga ng Tao ang Dios?" *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 97–98.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng mga Kabataan 6 (teacher). Bilang bahagi ng pagsunod sa badyet, mithiing magbayad ng buong ikapu.

Aralin 33: *Pag-aaral ng Banal na Kasulatan*

Walang karagdagang mga mungkahi

Aralin 34: *Pagsunod*

MGA TANONG

- Paano nagdudulot sa akin ng kalayaan at kaligtasan ang pagsunod sa mga utos ng Diyos?
- Ipinropesiya ni Isaias na sa mga huling araw ay tatawagin ng mga tao na mabuti ang masama at masama ang mabuti. Anong mga halimbawa nito ang maibibigay ninyo sa ating panahon?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Richard G. Scott, "Matitiyak ng Pagbabayad-sala ang Inyong Kapayapaan at Kaligayahan," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 40–42. Ang artikulong ito ay naglalarawan kung paano maghahatid ng kaligtasan ang pagsunod (tingnan ang unang tanong sa itaas).
- Spencer J. Condie, "Angkinin ang Mahahalaga at Napakadakilang Pangako," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 16–18.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 14–19. Tukuyin ang mga pamantayan ng Panginoon sa pananamit at kaanyuan, pati na sa mga tato at pagpapabutas sa katawan.
- *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004), 158. Isiping gamitin ang mga banal na kasulatan at mga tanong tungkol sa pagsunod para gabayan ang talakayan sa klase.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 3 (teacher).

Aralin 35: *Ang Sakramento*

MGA TANONG

- Bakit mahalagang maging karapat-dapat at mapitagan ako kapag nangangasiwa ng sacrament? Ano ang dapat kong gawin kung hindi ko madama na marapat akong mangasiwa ng sacrament?
- Kapag nangangasiwa ako ng sacrament, ano sa aking pag-uugali at kaanyuan ang nakakatulong o nakagagambala sa mga miyembro ng aking ward o branch habang sinasariwa nila ang kanilang mga tipan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- L. Tom Perry, "Habang Aming Tinatanggap Itong Sakrament," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 39–42.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 1 (priest).
- Magbigay ng sacrament sa isang miyembrong hindi makalabas ng bahay.

Aralin 36: *Patotoo*

MGA TANONG

- Sa paanong paraan ko maipamumuhay, at hindi lang basta pinaniniwalaan, ang isang patotoo?
- Ano ang mga pagkakatulad ng patuloy na pag-aalab ng patotoo at ng patuloy na pagniningas ng apoy?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Robert D. Hales, "Personal na Paghahayag: Ang mga Turo at Halimbawa ng mga Propeta," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 86–89. Ang buong artikulong ito ay naglalaman ng nakakatulong na mga puna at paglalarawan kung paano magkaroon ng patotoo sa pamamagitan ng personal na paghahayag.
- Douglas L. Callister, "Pagkaalam na Alam Natin," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 100–101.

  "Kapag nakamit na ang patotoo, nag-aalab ang pagnanasa ng may patotoo na maibahagi ang patotoong iyon sa iba. Nang umahon si Brigham Young sa tubig ng binyag, sinabi niya: 'Ang Espiritu ng Panginoon ay napasaakin, at pakiramdam ko ay malalagas ang mga buto ko kung hindi ko ito ibabahagi sa mga tao. . . . Ang unang diskursong ipinahayag ko ay tumagal nang mahigit isang oras. Nagbuka ako ng bibig at pinuno ito ng Panginoon.' Tulad ng apoy na hindi magniningas, kung hindi sisindihan, hindi rin mamamalagi ang patotoo kung hindi ito ipahahayag" (p. 101).
- Alma 5:46; 17:2–3.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Pamilya 2 (deacon, teacher, priest).
- Hamunin ang mga kabataang lalaki na basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–20, 25–26 at tukuyin ang mga hakbang na ginawa ni Joseph Smith para matamo ang kanyang patotoo. Sabihan silang ibahagi ang kanilang natutuhan sa isang magulang o lider ng priesthood.

Aralin 37: *Ang Pagkasaserdote ni Aaron*

MGA TANONG

- Kapag iniisip ko ang mga uri ng lalaking pinagkatiwalaan ng Diyos ng Kanyang priesthood (tingnan sa Abraham 1:2; Alma 48:11–18; Helaman 10:4–7), ano ang matututuhan ko tungkol sa aking pagkatao at sa maaari kong kahinatnan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "Korum ng Priesthood," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 43–45. Isiping ibahagi ang kuwento tungkol sa bata pang pangulo ng korum.
- Robert D. Hales, "Sa Aaronic Priesthood: Paghahanda para sa Dekada ng Pagpapasiya," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 48–51.

  "Ang Aaronic Priesthood ay ang panimulang priesthood, na ibinigay sa panahong naghahanda kayo sa buhay. *Kung paano* ninyo gagamitin ang priesthood ngayon ang siyang *maghahanda* sa inyo sa paggawa ng mahahalagang desisyon sa hinaharap. Kabilang sa mga pagpapasiyang ito ang pagtanggap ng Melchizedek Priesthood, pagpunta sa templo, paglilingkod sa misyon, pagtamo ng edukasyon, pagpili ng hanapbuhay, at pagpili ng mapapangasawa at mabuklod sa panahon at sa lahat ng kawalang-hanggan sa banal na templo" (p. 48).

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 4 (deacon, priest).

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga miyembro ng klase ang isang doktrina ng ebanghelyo kapag simple at malinaw ang pagkasaad dito. Basahin ang mga banal na kasulatan at aralin upang matukoy ang isang doktrina na maaaring pagtuunan ng pansin sa aralin. Maaari mo itong isulat sa pisara o kaya ay idispley para makita ng mga kabataang lalaki (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *63).*

Aralin 38: *Pagganap nang Mabuti sa Tawag bilang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron*

MGA TANONG

- Ano ang maaari kong gawin sa aking korum at sa pang-araw-araw na buhay upang magampanang mabuti ang mga tungkulin ng isang maytaglay ng Aaronic Priesthood?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Isang Makaharing Pagkasaserdote," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 59–61.
- Gordon B. Hinckley, "Bangon, O Kalalakihan ng Diyos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 59–61.

  "Bawat lalaki o batang nasa malaking kongregasyong ito ngayong gabi ay mapagbubuti ang kanyang buhay. At kailangang mangyari iyan. Tutal, taglay natin ang priesthood ng Diyos. Kung tayo'y mga batang nakatanggap ng Aaronic Priesthood, may karapatan tayo sa paglilingkod ng mga anghel na gagabay at papatnubay, na magpapala at mangangalaga sa atin. Tunay na kagila-gilalas ang bagay na iyan" (p. 60).
- Doktrina at mga Tipan 13; 20:46–59; 84:33–44.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 2 (deacon, teacher); Aktibidad ng Korum 1 (priest).

Aralin 39: *Gawaing Misyonero sa Pamamagitan ng Halimbawa*

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 11 (deacon); mga mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 8–9 (teacher); Aktibidad ng Korum 5, mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 7 (priest).

Aralin 40: *Ang Tahanan ng Panginoon*

MGA TANONG

- Ano ang masasabi ko sa isa pang kabataang LDS na hindi matiyak kung mahalaga nga ang kasal sa templo?
- Paano ako mapapalakas ng pagpunta sa templo para madaig ang mga tukso sa aking panahon?
- Bakit mahalagang maging karapat-dapat ako sa templo kahit wala akong pagkakataong makadalo ngayon?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Ang Pagpapanumbalik ng Lahat ng Bagay," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 61–62, 67–68.

  "Ang isang kakaibang tampok sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang mga turo nito hinggil sa mga templo at sa walang hanggang kahalagahan ng lahat ng nangyayari doon. Napakarami na ngayong mariringal at magagandang templo sa daigdig. Sa loob ng mga ito ginagawa ang pinakasagradong gawain. Ganito ang sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa mga templong ito, 'Iilang lugar lang sa mundo ang nakakasagot sa mga tanong ng mga tao tungkol sa kawalang-hanggan.' Ang mga dakilang hiwaga ng saan tayo nanggaling, bakit tayo narito, at saan tayo pupunta ay higit na nasasagot sa mga templo. Nanggaling tayo sa piling ng Diyos at narito tayo sa lupa upang maghandang bumalik sa Kanyang piling" (p. 67).

- Enrique R. Falabella, "Bakit Tayo mga Miyembro ng Tanging Tunay na Simbahan?" *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 14–15. Isiping gamitin ang kuwento tungkol sa pagpunta ni Elder Falabella at ng kanyang pamilya sa templo sa unang pagkakataon.
- Isaias 2:1–3; Doktrina at mga Tipan 109:1–38; 124:39–41.

MGA KARANASAN

- Isiping ipabahagi sa bishop ang mga tanong sa temple recommend interview sa mga kabataang lalaki.

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga miyembro ng klase ang doktrina kapag hinikayat silang ipamuhay ito sa sarili nilang pamamaraan. Magtanong ng tulad ng, "Bakit mahalaga o makabuluhan sa iyo ang doktrina?" "Kailan mo nadama ang bisa ng doktrinang ito sa iyong buhay?" "Paano pinagpala ng doktrina ang iyong buhay o ang buhay ng iba?" (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *211).*

Aralin 41: *Kadalisayang Seksuwal*

MGA TANONG

- Ano ang ituturo ko sa isang kaibigan na iba ang relihiyon tungkol sa pamantayan ng Panginoon sa kadalisayang seksuwal? (tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [polyeto, 2002], 26).
- Ano ang mga ibubunga ng panonood ng pornograpiya?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Gordon B. Hinckley, "Bangon, O Kalalakihan ng Diyos," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 59–61. Ibahagi at talakayin ang liham na isinulat ng isang biktima ng pornograpiya.
- L. Whitney Clayton, "Mapapalad ang Lahat ng May Dalisay na Puso," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 51–53.
- "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Okt. 1995, 102.
- *Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip* (polyeto, 2006).
- I Mga Taga Corinto 6:19–20; Jacob 2:5–6; Alma 38:12; Doktrina at mga Tipan 42:43.

Aralin 42: *Katapatan*

MGA TANONG

- Bakit mahalagang magpasiya ngayon na maging tapat lagi?
- Ano ang mga pakinabang ng pagiging matapat, kahit hindi kanais-nais ang kahihinatnan nito?
- Paano ako magiging tapat sa Ama sa Langit sa lahat ng aspeto ng aking buhay?
- Sa anong mga sitwasyon ako natutuksong magsinungaling?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Richard C. Edgley, "Tatlong Tuwalya at 25-Cent na Diyaryo," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 72–74. Ang artikulong ito ay sumasagot sa mga tanong tungkol sa katapatan sa araw-araw.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 71; *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 31. Maaari ninyong wakasan ang araling ito sa pagbasa sa mga bahagi tungkol sa katapatan na nasa *Tapat sa Pananampalataya* at *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.
- Isaias 5:20; 2 Nephi 9:34; Moises 4:4.

MGA KARANASAN

- Anyayahan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng karanasan kung kailan nagkaroon sila ng lakas ng loob na maging matapat. Ano ang naging pakinabang nito sa kanila?

Aralin 43: *Mga Kasangkapan para sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan*

Walang karagdagang mga mungkahi

Aralin 44: *Pagiging Lalong Mabuting Tagapagturo ng Tahanan*

MGA TANONG

- Ano ang maaaring gawin ng aking korum upang tulungan ang bawat isa na lubusang lumahok sa home teaching?
- Ano ang dapat kong maging saloobin kapag nabigyan ako ng pagkakataong mag-home teach? Paano ako makakatulong sa positibong paraan?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Thomas S. Monson, "Gawin ang Inyong Tungkulin—Iyan ang Pinakamainam," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2005, 56–59.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 201.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 3 (teacher).

Aralin 45: *Ang Banal na Kapangyarihan na Mag-anak*

MGA TANONG

- Ano ang mga pagpapalang dulot ng pagsunod sa batas ng kalinisang-puri? Ano ang mga ibubunga ng paglabag sa batas ng kalinisang-puri?
- Paano ginagamit ni Satanas ang libangan at media para itaguyod ang imoralidad?
- Ano ang ibig sabihin ng "pigilin ang lahat ng iyong silakbo ng damdamin"? (Alma 38:12).

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- James E. Faust, "Mensahe sa Aking mga Apong Lalaki," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 54–56.

"Kayong mga kabataang lalaking maytaglay ng priesthood ay may tungkuling igalang ang kababaihan. Kapag nakipagdeyt kayo sa magagandang dalaga ng Simbahan, tungkulin ninyong pangalagaan ang kanilang pisikal na kaligtasan at dangal. Sa priesthood na taglay ninyo, higit ang pananagutan ninyong tiyakin na mapanatili ang matataas na pamantayan ng moralidad ng Simbahan. Alam ninyong hindi kayo dapat gumawa ng anumang bagay na pupukaw sa pagnanasa ninyo sa seks. Mawawala sa inyo ang sagradong bahaging nasa inyo kung lalagpas kayo sa nararapat gawin at aabusuhin ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata. Paano makaaasa ang sinuman sa atin na magkaroon ng malaking papel sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan kung hindi natin kayang kontrolin ang ating sarili? Ang makapag-asawa ng isang butihing babae na nagmamahal sa Panginoon, nagmamahal sa inyo, at gumagalang sa priesthood ay isa sa mga pinakadakilang pagpapala sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan" (p. 55).

- Boyd K. Packer, "Hindi [Ko] na Naaalala ang [Inyong mga Kasalanan]," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 25–28.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 52.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 1 (priest).
- Sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), tukuyin at talakayin kung paano nauugnay ang sumusunod na mga bahagi sa pananatiling malinis ang moralidad: Pakikipagdeyt, Pananalita, Musika at Pagsasayaw, Libangan at ang Media, Pananamit at Kaanyuan.

TIP SA PAGTUTURO

Mas mauunawaan at maisasagawa ng mga miyembro ng klase ang doktrina kapag hinikayat silang isagawa ito sa sarili nilang pamamaraan. Magtanong ng tulad ng, "Bakit mahalaga o makabuluhan sa iyo ang doktrina?" "Kailan mo nadama ang bisa ng doktrinang ito sa iyong buhay?" "Paano pinagpala ng doktrina ang iyong buhay o ang buhay ng iba?" (tingnan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin, *211).*

Aralin 46: *Paggawa ng Pasiya*

MGA TANONG

- Ano ang maaasahan kong mga sanggunian para matulungan ako sa paggawa ng mga tamang pasiya?
- Ano ang dapat kong gawin para makapaghanda sa paggawa ng mahahalagang pasiya? (tingnan sa Lucas 14:28–30).

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Robert D. Hales, "Sa Aaronic Priesthood: Paghahanda para sa Dekada ng Pagpapasiya," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 48–51. Pinayuhan ni Elder Hales ang mga kabataang lalaki na paghandaan na ngayon ang mga pagpapasiya sa hinaharap.
- *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002).

"Maging mapagpakumbaba at handang makinig sa mga panghihimok ng Espiritu. Pahalagahan ang karununggan ng Panginoon kaysa sarili ninyong karununggan.

"Kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, mas bibigyang-katuturan ng Panginoon ang buhay ninyo kaysa sa magagawa ninyo kung kayo lang mag-isa. Daragdagan Niya ang inyong mga oportunidad, palalawakin ang inyong pananaw, at palalakasin kayo. Tutulungan Niya kayo sa pagharap sa mga pagsubok at hamon sa inyong buhay. Matatagpuan ninyo ang tunay na kaligayahan sa pagkilala ninyo sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at madarama ang pagmamahal nila sa inyo" (pp. 40, 42).

MGA KARANASAN

- Anyayahan ang bawat kabataang lalaki na basahin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa darating na linggo. Matapos basahin ang bawat isa sa mga pamantayan, ipatanong sa kanya ang sumusunod: "Naaayon ba sa inspiradong payong ito ang aking mga pasiya?" Kung hindi, itanong ang, "Ano ang kailangan kong baguhin para matiyak na namumuhay ako ayon sa nais ng Panginoon?"

Aralin 47: *Paglalaan at Pagpapakasakit*

MGA TANONG

- Ano ang ilang bagay na tila sakripisyo ngayon ngunit maghahatid ng malalaking pagpapala sa bandang huli?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Bruce D. Porter, "Isang Bagbag na Puso at Nagsisising Espiritu," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 31–32. Isiping gamitin ang mensaheng ito para ipandagdag sa unang bahagi ng aralin.
- James E. Faust, "Pagiging Disipulo," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2006, 20–23.

Aralin 48: *Ang Kapangyarihan Upang Magbinyag*

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- David A. Bednar, "Nang sa Tuwina ay Mapasaatin ang Kanyang Espiritu," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2006, 28–31.
- *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 7–13.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Aktibidad ng Korum 6 (deacon, teacher); mithiin sa Espirituwal na Pag-unlad 6 (priest).
- Ipabahagi sa mga kabataang lalaki kung ano ang nadama nila noong sila ay binyagan.

Aralin 49: *Ang Matalinong Paggamit ng Panahon*

MGA TANONG

- Paano ko magagamit nang mas matalino ang aking oras para mapaunlad ang mga talento at kakayahang ibinigay sa akin ng Ama sa Langit?
- Ano ang ibig sabihin ng gumawa ng maraming magagandang bagay nang kusang-loob ko? (tingnan sa D at T 58:27–28). Anong mga pagpapala ang matatanggap ko sa pagpapasiyang gamitin ang oras ko sa paggawa ng mabubuting bagay?

KARAGDAGANG MGA SANGGUNIAN

- Henry B. Eyring, "Sa Araw na Ito," *Ensign* at *Liahona,* Mayo 2007, 89–91. Isiping palitan ng pakikipag-usap ni Pangulong Eyring sa isa sa matatandang lingkod ng Panginoon ang kuwento tungkol sa Scoutmaster (p. 90).
- Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Ensign* at *Liahona,* Nob. 2007, 104–8.

MGA KARANASAN

- Tungkulin sa Diyos: Pag-unlad sa Edukasyon, sa Sarili, at sa Trabaho (deacon, teacher, priest). Ipakumpleto sa mga kabataang lalaki ang isang kailangan sa pagpapaunlad ng mga talento, pag-asa sa sarili, at pamumuno sa susunod na apat na linggo.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02067 53893 7
06753 893